Kagawaran ng Edukasyon sa NSW

# Alituntunin sa Pag-uugali ng Mag-aaral

**Impormasyon para sa mga mag-aaral at mga magulang at tagapag-alaga.**

Sa mga pampublikong paaralan ng NSW, ang lahat ay napapabilang at nagsisikap para sa pinakamataas na mga pamantayan ng pag-aaral.

**Ang Alituntuning ito ay para sa lahat ng mga mag-aaral ng pampublikong paaralan ng NSW. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga aktibidad ng paaralan, na nasa loob at labas ng paaralan, pati na sa online, at kung paano kumikilos ang mga mag-aaral nang indibidwal at kung kasama ang iba pang mga mag-aaral, mga guro, mga kawani ng paaralan at mga kasapi ng komunidad.**

Sinusunod ko ang Alituntunin sa pamamagitan ng pagiging **magalang, responsable at ligtas**, at sa pamamagitan ng pagsunod sa mga direksyon ng guro at mga kawani.

---

## Igalang ang lahat

Nangangahulugan ito ng pagiging maalalahanin at maunawain upang maramdaman ng lahat na sila ay tinatanggap at napapabilang.

**Ako ay:**

- makinig at magsalita nang may paggalang
- hayaan na pagtuunan ng iba ang kanilang pag-aaral
- igalang at ibilang ang lahat at tratuhin sila nang walang kinikilingan
- pangalagaan ang kapaligiran ng ating paaralan
- isuot nang wasto at ipagmalaki ang uniporme ng paaralan.

---

## Maging responsable

Ibig sabihin nito na maging maingat sa ating mga pagkilos upang makakapag-aral at magkakaayos ang lahat.

**Gagawin kong:**

- papasok sa paaralan sa araw-araw na kaya ko, darating sa paaralan at sa klase sa takdang oras, dalhin ang aking mga kailangan, at maging handa na mag-aral
- sundin ang mga patakaran at mga pamamaraan ng paaralan at klase
- gamitin nang ligtas at para sa pag-aaral ang teknolohiya
- kumpletuhin ang aking gawain sa paaralan, gawin lahat ng aking makakaya, at magpatulong kung kailangan ko ito
- tulungan ang iba kapag kaya ko
- matuto mula sa aking mga pagkakamali at sikaping maging mas mahusay.

## Maging ligtas

Nangangahulugan ito na pangalagaan ang iyong sarili pati na rin ang iba upang ang lahat ay maging ligtas sa paaralan.

**Gagawin kong:**

- sundin ang mga direksyon ng mga guro at mga kawani ng paaralan
- igalang ang espasyo, pagkapribado at mga gamit ng iba
- magsalita at magpatulong kung may sinumang nagpaparamdam na nanganganib o tinatrato na hindi patas
- lutasin ang mga hidwaan nang mahinahon at patas.

---

## Upang mapanatiling ligtas ang lahat, ako ay hindi dapat na:

- tratuhin ang kahit sinuman nang hindi patas dahil sa kanilang pagkatao o ang kanilang pagiging iba sa akin
- maging marahas, manakit pagbantaan, manligalig o takutin ang sinuman, pati na ang sa pamamagitan ng telepono, mga elektronikong kagamitan, mga computer, sa online o social media
- magdala ng mga armas, ilegal na droga, alak, vapes, e-cigarettes o tabako sa paaralan.

Kung gagawin ko ang mga bagay na ito, ang mga kawani ay kikilos upang mapanatiling ligtas ang lahat at makakapag-aral. Maaaring kabilang dito ang pagsuspinde.

Ang mga guro at kawani ng paaralan ay tumutulong sa akin na mag-aral, makagawa ng mabubuting mga pagpapasya at manatiling ligtas. Susundin ko ang mga patakaran, suportahan ang iba, igalang ang kanilang mga karapatan, at ibahagi ang aking mga ideya upang gawing isang magandang lugar ang ating paaralan upang matuto at mapabilang.

☐ Kinikilala ko na natanggap ko ang code of conduct ng mag-aaral at kinikilala ang mga inaasahan na nakabalangkas.

Pangalan ng mag-aaral: ..............................

☐ Ako / kami ay kumikilala na natanggap namin ang code of conduct ng mag-aaral at kinikilala ang mga inaasahan na nakabalangkas.

Pangalan ng magulang/ tagapag-alaga: ..............................

Lagda ng magulang/ tagapag-alaga: ..............................

## Serbisyo ng pagsasaling-wika sa telepono

Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon, pakitawag ang punong-guro ng paaralan. Kung kinakailangan mo ng isang interpreter upang tumulong sa iyong katanungan, pakitawag ang Telephone Interpreter Service sa 131 450 at humingi ng isang interpreter sa iyong wika.

Sabihin sa operator ang numero ng telepono na gusto mong matawagan at kukuha ang operator ng isang interpreter sa linya upang tutulong sa iyong pakikipag-usap. Hindi ka sisingilin para sa serbisyong ito.